# PAGBABALIK-TANAW: AKADEMIKONG PAGLALAKBAY NG MGA UNANG MAG-AARAL NG BSED-FILIPINO

**MICHAEL JACK JR. M. BANLASAN**

**ISANG TESIS NA INIHARAP SA MGA GURO NG INSTITUTE OF TEACHER EDUCATION, DAVAO DEL SUR STATE COLLEGE, MATTI, DIGOS CITY BILANG TUGON SA ISA SA MGA KAHILINGAN PARA SA DIGRING**

**BATSILYER NG PANSEKUNDARYANG EDUKASYON**
**(Medyor sa Filipino)**

**MAYO 2024**

## ABSTRAK

**BANLASAN, MICHAEL JACK JR. M.,** Davao del Sur State College (DSSC), Matti, Digos City, Davao Del Sur. Institute of Teachers Education. Mayo, 2024, **"PAGBABALIK-TANAW: AKADEMIKONG PAGLALAKBAY NG MGA UNANG MAG-AARAL NG BSED-FILIPINO".** Undergraduate Thesis.

**Tagapayo: Leslie C. Elevado, MALT**

Nilayon ng pag-aaral na ito ay malaman ang karanasan ng unang mag-aaral ng BSEd-Filipino sa Davao del Sur State College. Ito ay upang tukuyin ang mga pagsubok sa kanilang akademikong pag-aaral, alamin ang mga salik na nakakaapekto sa kanilang edukasyon at maunawaan ang mga pamamaraan na ginagamit nila upang harapin at malampasan ang kanilang mga pagsubok. Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa labintalong (13) unang mag-aaral sa BSED-Filipino ng Davao del Sur State College. Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng kwalitatibo-penomenolohikal na pananaliksik upang malaman ang mga karanasan ng mga unang mag-aaral sa BSED-Filipino. Ang mga datos ay nakalap sa pamamagitan ng *in-depth interview* at ang mga gabay na tanong sa pananaliksik. Lumabas sa pananaliksik ang mga hamon at pagsubok na kinahaharap ng mga unang mag-aaral sa BSED-Filipino na may apat (4) na pangunahing tema, ito ang hamong pang-

akademiko, mga sikolohikal na *stressors*, mga teknikal na hadlang at usaping pinansyal. Samantala, sa epekto ng mga hamon at pagsubok ng mga unang mag-aaral ng BSED-Filipino sa kanilang pag-aaral ay lumabas sa isinagawang panayam ang tatlong (3) pangunahing mga tema, ito ang epekto sa akademiko, kakulangan sa pagdalo at pakikilahok, at ang epekto sa kalusugan ng pag-iisip at kapakakanan. Sa kabilang banda, sa paraan ng pagtugon ng mga unang mag-aaral ng BSED-Filipino para malagpasan ang mga hamon sa pagsubok na kanilang kinahaharap ay may lumabas na tatlong (3) pangunahing tema, ito ang tulong at gabay sa pag-aaral, pag-unlad sa sarili at ang kanilang motibasyon. Sa pangkalahatan, masasabing dapat pangtuonan ang mga karanasan ng mga unang mag-aaral sa BSED-Filipino uoang mas maging matagumpay sila sa kanilang akademikong paglalakbay.

Keywords: *unang mag-aaral, akademikong paglalakbay, BSED-Filipino, karanasan*